



## ***Lumalagong Panampalataya***



*(Pambungad na Panalangin, sa pinakahuling pahina)*

### **I. ANG TATLONG PAGBASA**

#### **UNANG PAGBASA (Ez 17:22-24)**

<sup>22</sup>ITO nga ang ipinasasabi ng Panginoon, “Kukuha ako ng isang usbong ng sedro at aking iaayos. Ang kukunin ko’y yaong pinakamura ng pinakamataas na sanga. Itanim ko ito sa isang mataas na bundok, <sup>23</sup>sa pinakamataas na bundok ng Israel upang lumago at mamungang mabuti at maging isang kahanga-hangang sedro. Sa gayon, lahat ng uri ng hayop ay makapaninirahan sa ilalim nito. Ang mga ibon nama’y makapamumugad sa mga sanga nito. <sup>24</sup>Kung magkagayon, malalaman ng lahat ng punong-kahoy na mapabababa ko ang mataas na kahoy at maitataas ko yaong mababa; na matutuyo ko ang sariwang kahoy at mapananariwa ko yaong

tuyong punongkahoy. **Akong Panginoon ang nagsasabi nito at ito’y gagawin ko.”**

Tema: Ang Kapangyarihan ng Salita

#### **PAGPAPALIWANAG**

• Ang bb. 22-24 ay isang tula na nagsisilbing isang pagtatapos ng mga bugtong at mga kawikaan na bumubuo ng isang alegoria tungkol sa isang hari ng Babilonia at kung paano niya minaniobra ang lahat ng bagay na humantong sa kaparusahan ng isang rebeldeng hari (cf 17: 1-8).

• Inilapat ang dalawang tula (bb. 1-8 at bb. 22-24). Mas malakas si YHWH kaysa sa dalawang agila kaya maliit na binhing halaman na kanyang tinanim, ay lalago at maging isang marilag na kahoy ng sedro (b. 23), at lalo pa, higit na kilalanin ang kapangyarihan ni YHWH sa pagpasibol at pagpaslang ng mga

puno (b.24).

## PAGNINILAY

Sa tulang ito, sinasadya ng Diyos na idineklara ang Kanyang kapangyarihan sa lahat ng nilikha at sinisiguro Niya na ang kanyang mga mabuting plano para sa lahat na mananampalataya ay matutupad.

## SALMONG TUGUNAN (Slm 91) TOTOONG KALUGUD-LUGOD ANG MAGPASALAMAT SA D'YOS.

### IKALAWANG PAGBASA (2 Cor 5:6-10)

<sup>6</sup>MGA kapatid, laging malakas ang aking loob. Alam ko na habang tayo'y nasa tahananang ito, ang ating katawan, hindi mapapasaatin ang tahananang galing sa Panginoon. <sup>7</sup>**Namumuhay ako ayon sa pananalig sa Diyos**, hindi sa mga bagay na nakikita. <sup>8</sup>Malakas nga ang loob kong iwan ang katawang ito na aking tinatahanan upang manirahan sa piling ng Panginoon. <sup>9</sup>Kaya naman, ang pinakananais ko ay maging kalugud-lugod sa kanya, sa tahananang ito o doon man sa langit. <sup>10</sup>Sapagkat bawat isa ay haharap sa hukuman ni Kristo upang tumanggap ng kaukulang ganti sa kanyang ginawa, mabuti man o masama, nang siya'y nabubuhay pa sa daigdig na ito.

Tema: **Isabuhay ang Pananampalataya**

## PAGPAPALIWANAG

- Tagpo o Konteksto ng mga bersikulos: ang tirahan o kubol dito sa mundo na kakaiba sa gusali mula sa Diyos (2 Cor 5: 1).
- Itong pagtutunggali ng pangangailangang pangkatawan at ang hangaring pang-espiritwal ay nagbibigay din ng pagtutunggali ng kasalukuyan at kinabukasan.
- Sa kasalukuyan, tayo ay katulad ng mga mamamayan na itinatapon, o malayo sa bahay.
- Sinabi ni Pablo na ang Panginoon ang ating

huling hantungan. Siya ay isang malayong bayan, dapat tayong maniwala kahit na hindi natin ito nakikita (b.7).

## PAGNINILAY

Sa kaibuturan ng kanyang puso, ang isang mananampalataya ay may pagnanais na maging kalugod-lugod sa Panginoon na siyang kapangyarihan ng kanyang kalooban, at ito ang nagbibigay puwang ng kasalukuyang buhay.

## MABUTING BALITA (Mc 4:26-34)

<sup>26</sup>NOONG panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga tao, “Ang **paghahari ng Diyos** ay maitutulad sa isang naghahasik ng binhi sa kanyang bukid. <sup>27</sup>Pagkatapos niyon, magpapatuloy siya sa kanyang pangaraw-araw na gawain; tutubo at lalago ang binhi nang hindi niya nalalaman kung paano. <sup>28</sup>Ang lupa'y siyang nagpapasibol at nagpapabunga sa mga pananim: usbong muna, saka uhay na pagkatapos ay mahihitik sa mga butil. <sup>29</sup>Pagkahinog ng mga butil, agad itong ipagagapas sapagkat dapat nang anihin.

<sup>30</sup>“Sa ano natin ihahambing ang paghahari ng Diyos?” sabi pa ni Hesus. “Anong talinghaga ang gagamitin natin upang ilarawan ito? <sup>31</sup>Tulad ito ng butil ng mustasa na siyang pinakamaliit sa lahat ng binhi. <sup>32</sup>Kapag natanim na at lumago, ito'y nagiging pinakamalaki sa lahat ng puno ng gulay; nagkakasanga ito nang malalabay, anupat ang mga ibon ay nakapamumugad sa mga sanga nito.”

<sup>33</sup>Ang Salita'y ipinangaral ni Jesus sa kanila sa pamamagitan ng maraming talinghagang tulad nito, ayon sa makakaya ng kanilang pang-unawa. <sup>34</sup>Hindi siya nangaral sa kanila nang hindi gumagamit ng talinghaga; ngunit ipinaliwanag niya nang sarilinan sa kanyang mga alagad ang lahat ng bagay.

TEMA: **Ang Kaharian ng Diyos**

## PAGPAPALIWANAG

- Ang Ebanghelyo ay binubuo ng dalawang talinghaga, ngunit may iisang punto lamang. Pansinin kung paano ito isinasalaysay sa b 26? Paano nabubuo ang kaharian ng Diyos (kilos)?
- Ang unang talinghaga ay tungkol sa isang taong naghasik ng binhi sa lupa at pagkatapos ay nagpahinga, natutulog gabi at araw samantalang lumalaki ang binhi hanggang sa dumating ang panahon ng tag-ani.
- Ang ikalawang talinghaga ay tungkol sa binhing mustasa na naihasik at lumalaki at naging isang pinakamalaki sa lahat ng halaman. Ang mga ibon sa kalangitan ay manirahan sa kanyang lilim (b.32).
- Kaya ang dalawang talinghaga ay nagsasalita tungkol sa malaking kaibahan sa pagitan ng munti at halos hindi makita na pagkilos ng paghahasik ng binhi at ang buong dakilang pag-aani at ang kadakilaan ng malagong puno ng mustasa.
- Ang tahimik at mahiwagang pagkilos ng paglago ay dulot ng kilos ng Diyos. Ang resulta ay tiyak na nararamdaman at napapansin.

## PAGNINILAY

Dapat tayong magtiwala kay Hesus na nagpahayag na ang paghahari ng Diyos ay malapit na. Ang pagkilos na ito ay nakatago at mahiwaga, ngunit ang mga epekto sa mga tao at sa kapaligiran ay nagdudulot ng pagbabago sa buhay.

## II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tungkol sa pasiya ni YHWH na ipakita ang Kanyang kapangyarihan sa lupain sa pamamagitan ng pagtatanim ng maliit na sedro na lumalaki at lumalago at magiging maringal na puno. Ang Ikalawang Pagbasa ay nakatuon din sa panloob na puwersa gaya ng pananampalataya

kay Kristo ng isang Kristiyano, na nagsisikap na gumawa ng mabuti at maging kalugod-lugod sa Diyos.

Ang Ebanghelyo ay nagsasaad tungkol sa pagkilos ng paghahari ng Diyos sa ating mundo, ang ating mundo kung saan ang pagkilos ng Diyos ay tiyak na nagagaganap.

## III. SALAMIN NG BUHAY

1. Bakit kailangan nating tingnan ang paghahari ng Diyos sa kasalukuyang panahon at hindi lang sa buhay pagkatapos ng ating buhay dito sa mundo? Ano sa palagay mo ang mga kapansin-pansin na tanda ng kanyang presensiya?

*-Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM*

*-Pagsasalin: Br. Hansel Mapayo, SSP*

*(Pangwakas na Panalangin) I*

## PAANYAYA...

**BIBLE APOSTOLATE LECTURE  
SERIES SA:**

**SAN ROQUE PARISH**

**Cabrera St., Pasay City**






**SABADO, 7:30 -9:00 PM**

• **JULY 21, 2018-** *Br. Hansel Mapayo, SSP.*  
**Wisdom Literature**

• **AUGUST 18, 2018-** *Fr. Khris Ilacer SSP.*  
**Gospels**

## MGA BAGONG LIBRO NG ST PAULS...

ROMAN MISSAL  
NA ENGLISH AT  
FILIPINO



## PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.*

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**  
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City  
Tels: 895-37-16; 890-7130

## PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.  
*Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)